| MATATAG Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan | | Baitang/Alap | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro | | Asignatura | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo | Week 6 | Markahan | Kwarter 1/ Ikaanim na Linggo |

| | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw | Ikalimang Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality). | | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad. | | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | **Ikatlong Lagumang Pagsusulit sa Makabansa 1** |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Tungkulin ng Isang Bata sa Komunidad** | **Tungkulin ng Bata sa Komunidad** | **Tungkulin ng Isang Bata sa Kaniyang Sarili** | **Tungkulin ng Bata sa Loob ng Paaralan** | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| *A. Sanggunian* | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | Summative Test Papers |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Panimulang Gawain | Umawit Tayo! https://www.youtube.com/watch?v=k4t-c7aMG9U | Pagmasdan ang larawan sa ibaba. | Umawit Tayo! https://www.youtube.com/watch?v=YmwPBNEJdyI | Pagmasdan ang larawan sa ibaba. | |











| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Itanong:<br>1. Tungkol saan ang ating inawit?<br>2. Sino sino raw ang bumubuo sa komunidad? | Itanong:<br>1. Ano ang ipinapakita sa larawan?<br>2. Sino sino kaya ang mga taong nasa komunidad? | Itanong:<br>1. Ano ang pamagat ng ating inawit?<br>2. Bilang isang bata, paano mo iiingatan ang iyong sarili? | Itanong:<br>1. Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br>2. Bakit kaya nagdarasal ang bata? | |
| Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa loob ng tahanan. Handa na ba kayo? | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa loob ng tahanan. Handa na ba kayo? | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa inyong sarili. Handa na ba kayo? | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin bilang mananampalataya. Handa na ba kayo? | |
| Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin | Unlocking of Difficulties:<br>>komunidad - ay ang lugar kung saan tayo kumikilos. Ito ay binubuo ng paaralan, simbahan, pamahalaan, pamilya at iba pa. | Unlocking of Difficulties:<br>>pamayanan - ay pangkaraniwang tumutukoy sa isang yunit na panlipunan o pakikipagkapwa na mas malaki kaysa sa isang tahanan, mag-anak, o pamamahay (kabahayan) na may pinasasaluhang karaniwang mga pagpapahalaga at may matibay na pagsasamahang panlipunan. | Unlocking of Difficulties:<br>>paunlarin - gumawa ng mga hakbang para mapabuti, mapataas ang kalidad, halaga, o estado, at mag-ambag sa paglago o pag-asenso ng bagay, lugar, proyekto, komunidad, o indibidwal. | Unlocking of Difficulties:<br>>pakikilahok - ito ay isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapuwa sa lipunan. Ito ay pagbibigay ng sarili na hindi naghahangad ng anumang kapalit. Ito ay marami ring katawagan tulad ng bayanihan, damayan, kawanggawa, o bahaginan. | |
| Habang Itinuturo ang Aralin | | | | | |
| Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya | Magbasa Tayo!<br><br>**Tungkulin Ko sa Aking Pamayanan**<br><br>Sina Jaira at PJ ay nakatira sa pamayanan. | Sagutin Natin!<br><br>▪ Ano ano nga ba ang ating tungkulin sa ating komunidad?<br>▪ Ano kaya ang magiging epekto sa | Panuto: Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba at sagutin ang mga tanong.<br> | Umawit Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=NKJyOxzVVmU | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Mula sa kanilang bahay ay lumalakad lamang sila patungong paaralan. Sinisiguro nilang magkapatid na ligtas sila sa paglalakad kaya sinusunod nila ang mga tuntunin sa kanilang pamayanan. Isang araw, habang sila'y naglalakad napatigil silang magkapatid dahil umilaw na ng pula ang ilaw-trapiko, tanda ito na maaari ng tumawid ang tao. Sa pagpapatuloy ng kanilang paglalakad, sinigurado nilang sila'y nasa tamang tawiran. Sumusunod din sila upang mapanatiling malinis ang pamayanan. Nang may nakitang basurahan si Jaira, itinapon niya ang balat ng saging sa basurahang may nakasulat na "Nabubulok". Sa kanilang paglalakad may nakita silang batang nagsasayang ng tubig at kinausap na huwag itong sayangin.<br>Habang sila ay patungo sa paaralan madaraanan nila ang Plaza, na kung saan maraming magagandang bulaklak, nakapukaw ito ng atensyon ni Jaira at napagdesisyunan na | ating komunidad kung ginagawa natin ang mga tungkulin ito?<br>▪ Ano naman kung hindi? | • Ano ang ginagawa n<br>bata sa larawan?<br>• Bakit niya nililinis a<br>kaniyang katawan?<br>• Mahalaga ba na inga<br>ang inyong sarili?<br><br>• Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br>• Sino sa tingin mo ang kasama ng bata sa larawan?<br>• Ano kaya ang ginagawa nila?<br><br>• Ano sa tingin mo ang ginagawa ng mga bata?<br>• Sino kaya sa dalawang bata ang may hilig sa Matematika?<br>• Bakit kaya niya tinuturuan ang kaniyang kaklase? | <br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pumitas ng isa sa mga ito. Ngunit nakita sya ni PJ kaya't pinagbawalan siya nito dahil may karatulang nakasulat na "Bawal pumitas ng bulaklak".<br>Kaya naman sinunod ni Jaira ang sinabi ng kanyang kapatid at nagpatuloy sila hanggang sa ang magkapatid ay nakarating nang ligtas sa tamang oras. | | | | |
| Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Sagutin ang mga tanong:<br>1. Mula sa kwento, ano-ano ang tuntunin sa pamayanan nina Jaira at PJ? Paano nila ito sinunod?<br>2. Ano ang ginawa ng magkapatid nang sila'y nakakita ng batang nagsasayang ng tubig?<br>3. Tama bang sundin n ang mga tuntunin ng a pamayanan? Bakit?<br>4. Nakarating ba nang ligtas ang magkapatid s paaralan?<br>5. Ano-ano pa ang mga tuntunin na ipinatutup sa inyong pamayanan? ang inyong ginagawa upang sundin ang mga ito? Bakit? | Talakayin Natin!<br><br>Tungkulin Ko sa Aking Komunidad<br><br> | Tungkulin Ko sa Aking Sarili<br><br>1. Panatilihing malinis at malusog ang pangangatawan.<br>2. Paunlarin ang talento o kakayahan.<br>3. Makabuluhang paggamit ng hilig at kakayahan. | Sagutin ang mga tanong:<br>1. Tungkol saan ang ating inawit?<br>2. Saang lugar kadalasang naririnig ang nabanggit na awitin?<br>3. Umaawit ka rin ba sa inyong simbahan?<br>4. Ano ano ang mga tungkulin na iyong ginagampanan sa inyong simbahan? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa / Susing Ideya | Panuto: Pagmasdang mabuti ang larawang nasa ibaba. Magtala ng mga tuntuning sinusunod sa pamayanan.<br><br>1. ______________________<br>2. ______________________<br>3. ______________________ | Panuto: Magfinger heart kung kaya mong gawin ang mga nakatalang tungkulin.<br><br>1. Magtapon ng basura sa tamang lalagyan.<br>2. Tumawaid sa tamang tawiran kahit walang nakatingin na pulis-trapiko.<br>3. Binubunot ang mga tanim na halaman at bulaklak.<br>4. Pangalagaan ang mga kagamitan sa palaruan ng komunidad. | | Tungkulin Ko Bilang Mananampalataya<br><br>1. Ugaliin ang palagiang pagdarasal.<br>2. Makilahok sa mga pambatang programa sa simbahan. | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Paglalapat at Paglalahat | Tandaan:<br>Ang mga tuntunin ng a<br>pamayanan ay pinag-iisipan at pinagkakasunduan ng namamahala sa ating pamayanan. Layunin nilang mapaunlad at maisaayos ang ating pamayanan. Makakatulong tayo sa pamayanan kung susunod tayo sa mga tuntuning kanilang pinatutupad. Ito ay isang paraan nang pagpapakita ng disiplina sa ating sarili. | <br> | Tandaan:<br>Bilang isang bata, tungkulin nating pangalagaan ang ating sarili. | Tandaan:<br>Ang batang madasalin ay ginagampanan ang kaniyang tungkuling pansimbahan. | |
| Pagtataya ng Natutuhan | Panuto: Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang isinasaad ng | Panuto: Lagyan ng tsek (√) kung wasto ang ipinahahayag ng pangungusap at ekis (X) kung mali. | Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br>1. Ano ang dapat mong gawin paggising sa umaga? | Panuto: Kulayan ang **TAMA** kung ang sumusunod na larawan ay nagpapakita ng pagsunod sa tungkulin bilang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pangungusap at Mali kung hindi wasto ang isinasaad ng pangungusap.<br>______1. Pagsunod sa pila kapag bumibili ng pagkain sa kantina.<br>______2. Pag-iwas sa pamimitas ng mga bulaklak sa parke.<br>______3. Paglalaro sa halamanan sa palaruan.<br>______4. Pagsusulat sa pader o bakod.<br>______5. Pagtatapon ng mga basura sa tamang lalagyan. | ____1. Ang mga bata ay maaari nang makatulong sa pagpapatupad ng alituntunin sa komunidad.<br>____2. Ipinagbabawal ang paggamit ng mga sasakyang nagbubuga ng maitim na usok.<br>_____3. Dapat suportahan ang mga ordinansang ipinatutupad sa komunidad.<br>_____4. Magtapon ng basura kahit saan kung walang nakalagay na basurahan.<br>_____5. Maaaring pumitas ng mga magagandang bulaklak sa pook pasyalan upang dalhin sa simbahan. | a. Buksan agad ang TV at panoorin ang paborito mong palabas.<br>b. Maligo, magsepilyo ng ngipin, at magbihis ng malinis na damit.<br><br>2. Nais mong mapahusay ang iyong talent sa pagguhit. Ano ang dapat mong gawin?<br>a. Umiyak sa iyong nanay.<br>b. Mag ensayo sa pagguhit<br><br>3. Mahusay ka lumangoy, nakita mo ang kaibigan mong nahihirapan sa paglangoy. Ano ang dapat mong gawin?<br>a. Pagtawanan siya.<br>b. Turuan ang kaibigan sa paglangoy. | mananampalataya at **MALI** kung hindi.<br><br><br><br><br> | |
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat) | | | | | |
| Mga Tala | | | | | |
| Repleksiyon | | | | | |
| Takdang-Aralin | Panuto: Sumulat sa isang papel ng isang islogan na nagpapahayag na ang pagsunod sa tuntunin ng pamayanan ay isang tanda ng mabuting | Panuto: Sumulat sa isang papel ng isang islogan na nagpapahayag na ang pagsunod sa tuntunin ng pamayanan ay isang tanda ng mabuting | Panuto: Itala ang iyong mga tungkulin para sa sarili.<br><br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________ | Panuto: Itala ang iyong mga tungkulin sa inyong simbahan.<br><br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________ | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pag-uugali ng isang Pilipino. | pag-uugali ng isang Pilipino. | 5. ______________________ | 4. ______________________<br>5. ______________________ | |